**Aplikasyon para sa Programang Fix Lead SF (Pagsasaayos ng Tingga sa San Francisco)**

**Appendix A—Abiso at Kasunduan sa Nangungupahan *(Tenant Notification & Agreement)***

Nagpasiya ang may-ari ng inyong inuupahan na makilahok sa isang programa ng Lungsod at County ng San Francisco ("Lungsod") na tinatawag na *Fix Lead SF* (ang "Programa"). Kusa ang inyong paglahok sa Programang ito. Ang layunin ng Programang ito ay ang mabawasan ang halaga ng tingga sa iyong gusali. Ang pagbawas ng halaga ng tingga sa inyong gusali ay pababababain ang mga pagkakataong malason ang iyong mga bata sa tingga.

Tatawagan rin kayo ng Lungsod para sa anumang tanong mayroon kayo.

**Mga Benepisyo ng Programa:**

Ang pintura, lupa, at alikabok sa mga lumang tirahan ay maaaring mayroong tingga. Ang tingga ay isang lason. Ang pagkalason sa tingga ay maaaring makapinsala sa utak, mga nerbiyos, at mga bato ng isang bata. Ang pagkalason sa tingga ay nagpapahirap sa isang bata na matuto at magbigay-pansin at maaring magdulot ng mga problema sa pag-uugali.

1. Ang Programa ay magbabayad para sa isang inspeksyon upang matukoy kung mayroong tingga sa inyong yunit.

2. Nilalayon ng Programa na alisin ang mga pinakamasama at mahirap ayusing panganib ng tingga sa inyong yunit.

3. Gumagamit ang Programa ng mga sinanay at sertipikadong propesyonal upang ligtas na magsagawa ng mga mapanganib na gawain. Mapanganib sa mga bata ang alikabok ng pintura mula sa pagpapaayos at muling pagpipintura. Magsasagawa ang *Fix Lead SF* ng mga gawain upang alisin ang tingga gamit ang mga propesyonal na sertipikado sa tingga ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health).

Ang *booklet* na "*Protect your Family from Lead in Your Home (Protektahan ang Iyong Pamilya mula sa Tingga sa Iyong Tirahan)*" ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon. Maaari rin ninyong tawagan ang Children's Environmental Health Promotion Program (Programa sa Pagpapaunlad ng Kalusugan ng Kapaligiran ng Mga Bata) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health) sa (415) 252-3882.



## Posibleng Relokasyon

Para sa maraming proyekto, ang mga okupante ay pansamantalang lilisanin ang kanilang mga yunit sa araw ng pagtatrabaho at babalik din sa pagtatapos ng araw. Sa ilang sitwasyon, irerekomenda ng Programa na hindi muna bumalik ang mga okupante sa kanilang mga yunit nang ilang araw (laging mas maiksi sa 20 araw) at ang Programa ang magbabayad para sa pansamantalang relokasyon, kung walang naaangkop na alternatibong lokasyon ang maaaring gamitin. Ang pag-iwas habang mayroong trabahong nagaganap upang alisin o bawasan ang panganib ng tingga sa inyong tahanan ay magbibigay proteksyon sa kalusugan at kaligtasan ng mga okupante. Babalik lamang ang mga naninirahan sa yunit pagkatapos masuri ng inspektor ang yunit na wala itong mga panganib sa tingga.

<u>Mga Pagpipilian Para sa Relokasyon</u>

- Isang bakanteng yunit o silid sa loob ng inyong gusali, o
- Manatili sa bahay ng kapamilya at mga kaibigan, o
- Isang hotel malapit sa inyong tahanan

<u>Ano ang mangyayari kung kailangan ninyong lumipat nang panandalian:</u>

- Ang ***Fix Lead SF*** ay direktang makikipag-ugnayan sa inyo at hahanap ng naaangkop na lokasyon para sa relokasyon.
- Kung kailangan ninyong manatili sa isang hotel, direktang babayaran ng ***Fix Lead SF*** ang hotel at kayo para sa iba pang mga partikular na kinakailangang gastusin.
- Kung ayaw ninyong lumipat, hindi matitiyak ng ***Fix Lead SF*** ang iyong kaligtasan at kalusugan habang isinasagawa ang trabaho. Lubos na inirerekomenda ang relokasyon kapag kinakailangan.
- Pagkatapos ng pansamantalang relokasyon, may karapatan kayong bumalik sa inyong orihinal na tahanan nang binabayaran ang parehong halaga ng upa.

## Mga Responsibilidad ng Okupante

May mahalagang papel ang mga okupante ng yunit sa maayos, mahusay, at ligtas na paggawa ng mga trabaho sa pagbawas ng mga panganib ng tingga. Narito ang kung paano kayo maaaring makipagtulungan sa ***Fix Lead SF***:

- <u>Pahintulutang pumasok ang Programa sa inyong yunit</u>—Papasok ang Programa para magsagawa ng mga inspeksiyon, gumawa ng listahan ng mga trabahaong gagawin, at isagawa ang trabaho. Kukuha ng *appointment* ang Programa sa inyo kailanman posible.
- <u>Ihanda ang espasyo kung saan kayo naninirahan</u>—Ilagay sa mga kahon o ilipat ang mga maliliit na personal na gamit palayo sa mga lugar na pagtatrabahuhan. Maaaring ilipat ng mga manggagawa ang inyong mga muwebles *(furniture)* kung kinakailangan.
- <u>Pahintulutan ang mga manggagawa lamang na pumasok sa mga lugar na pagtatrabahuhan</u>—Upang maprotektahan ang mga okupante mula sa alikabok ng tingga, haharangan ang mga lugar na pagtatrabahuhan. Protektahan ang inyong mga sarili sa pamamagitan ng hindi pagpasok sa mga lugar na ito.
- <u>Maghanda para sa pansamantalang relokasyon, kung kinakailangan</u>— Dahil hindi kayo makakapasok sa mga lugar na pagtatrabahuhan, kakailanganin ninyong maghandang dalhin ang anumang bagay na kakailanganin ninyo para sa isa o higit pang araw.
- <u>Ikumpirma ang katayuan ng paglahok</u>—Ipaalam sa Programa kung nakatala ang inyong pamilya sa WIC, CalFresh, o MediCal. Gagamitin ng Lungsod ang impormasyon para tiyaking mayroong maayos na bahay para sa lahat ng pamilya.

**Nakikilahok sa programa? Huwag mag-alala**!
Tatawagan din kayo ng Lungsod upang sagutin ang anumang mga katanungang maaaring mayroon kayo.



*Fix Lead SF*
c/o Children's Environmental Health Promotion Program
San Francisco Department of Public Health
49 South Van Ness Avenue, 6th Floor
San Francisco, CA 94103
(415) 252-3882 fixleadsf@sfdph.org

**Kasunduan**

Sa pamamagitan ng paglagda ng aking pangalan sa Appendix B, sumasang-ayon ako sa at ipinahahayag ko ang mga sumusunod:

- Natanggap at nasuri ko ang kopya nitong Abiso at Kasunduan sa Nangungupahan *(Tenant Notification and Agreement)*, at nauunawaan ko ang mga nilalaman nito. I may withdraw my agreement to participate in the Program up to the day of the initial lead inspection of my unit.
- Pahihintulutan ko ang mga empleyado, kontratista, at ahente ng Fix Lead SF na pumasok sa aking yunit sa oras na tinukoy para sa mga aktibidad, kabilang na ang inspeksiyon at iba pang gawain, sa pagbawas ng panganib ng tingga na may kaugnayan sa Programa na ito.
- Kapag inirekomenda ng Programa na panandalian kong lisanin ang aking yunit, maaari akong kusang lumipat sa isang hotel o iba pang pansamantalang tahanan at ang Lungsod ang magbabayad para sa silid sa hotel at iba pang mga partikular na tinukoy na gastusing nauugnay sa relokasyon. Nauunawaan ko na ang pagsang-ayong lumipat ay ang pinakamainam na paraan upang protektahan ang kaligtasan ko at ng aking pamilya habang isinasagawa ang mga trabaho sa pagbabawas ng panganib ng tingga.
- Kung sasang-ayon akong pansamantalang lumiban sa aking yunit habang isinasagawa ang mga gawain sa pagbabawas ng panganib ng tingga sa ilalim ng Programa, hindi babawiin ng may-ari ng lupa o yunit *(landlord)* ang yunit ko para sa mga layunin ng Seksiyon 37.9 ng San Francisco Rent Ordinance (Ordinansa ng San Francisco sa Pagpapaupa) at maaari kong bawiin ang aking paglahok sa Programa at bumalik sa aking yunit sa anumang oras, maliban na lang kung natukoy ng Lungsod na ang aking pagbalik sa aking yunit ay magpapakita ng malaking panganib sa kaligtasan ko at/o sa kaligtasan ng iba pang mga residente sa aking yunit.

Change the above to this:

- ~~If~~ When I agree to vacate my unit temporarily while lead risk reduction work is being performed under the Program, I know that my landlord is not recovering possession of my unit for unjustified ~~the~~ purposes according to the San Francisco Rent Ordinance. ~~I may revoke my agreement to participate in the Program up to the date of the initial lead inspection of my unit. and return to my unit at any time, unless the City has determined that returning to my unit would present a significant risk to my safety and/or the safety of other residents of my unit.~~

- Pinalalaya ko ang Lungsod at County ng San Francisco at ang mga kontratista, subkontractor, at ahente nito sa mga pananagutan para sa mga kawalan o pinsala, kabilang na ang mga pinsalang nagkataon o resulta ng trabahong isinagawa upang mabawasan ang panganib ng tingga sa ilalim ng Programa.

(Kayo ay tatawagan ng *Fix Lead SF* at padadalhan nito ng higit pang detalye tungkol sa Programa. Sa tawag mula sa Programa, maaari pa rin kayong magbago ng isip tungkol sa pakikilahok sa Programa.)

09-13-22



*Fix Lead SF*
c/o Children's Environmental Health Promotion Program
San Francisco Department of Public Health
49 South Van Ness Avenue, 6th Floor
San Francisco, CA 94103
(415) 252-3882 fixleadsf@sfdph.org